# CAPAA

WASHINGTON STATE COMMISSION ON
ASIAN PACIFIC
AMERICAN AFFAIRS

**KOMISYON SA MGA USAPIN NG MGA AMERIKANONG MULA SA ASYA AT PASIPIKO NG ESTADO NG WASHINGTON**

PINAPAGINHAWA ANG BUHAY NG MGA ASIAN PACIFIC AMERICAN

***Ang Komisyon sa Mga Usapin ng Mga Amerikanong mula sa Asya at Pasipiko ay isang ahensya ng estado na may lupong tagapayo na binubuo ng 12 commissioner, na itinalaga ng gobernador upang maging boses ng iba't ibang Asian Pacific American na komunidad sa Washington.***

## AMING TUNGKULIN

Layunin naming paginhawain ang buhay ng mga Amerikanong mula sa Asya at Pasipiko sa Estado ng Washington. Nakikipagtulungan kami sa mga pinuno ng aming mga komunidad at estado sa pagtugon ng mga alalahanin at pagdadala ng positibong pagbabago at mga pangmatagalang solusyon. Gagawin ng aming mga kawani at commissioner na:

- Tiyakin na nakakarating sa pamahalaan ng estado ang mga saloobin ng komunidad.
- Ipaalam sa mga komunidad ang tungkol sa mga batas at patakarang nakakaapekto sa kanilang kapakanan.
- Isulong ang mga patakaran at serbisyong nakakatugon sa mga natatanging pangangailangan ng aming mga komunidad.

## MGA PINAGTUTUUNANG ASPETO

- **Mga Karapatang Sibil at Hustisya:** Nagsusulong ng patas na pagtingin sa lahat ng lahi at mga karapatang sibil, kasama ang hustisya para sa mga immigrant at refugee.
- **Edukasyon:** Gumagawa ng mga estratehiya upang matiyak na magkakaroon ang bawat bata ng access sa de-kalidad na edukasyong may pagpapahalaga sa pagkakaiba-iba at paggalang sa kapwa.
- **Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao:** Nagsusulong ng mga solusyong nagpapadali ng access sa mga de-kalidad at abot-kayang serbisyong pangkalusugan at panlipunan na naaangkop sa kultura.
- **Pag-unlad ng Ekonomiya:** Nagbibigay ng mas maraming oportunidad para sa pagnenegosyo at lakas-paggawa.




## MGA COMMISSIONER

Ang mga commissioner ay may tatlong taon na termino at pumupunta sa limang pagpupulong ng komite kada taon. Bumubuo sila ng mga ugnayan sa kanilang komunidad at nagsusumikap na maghanap ng mga solusyon sa pamamagitan ng pagdadaos ng mga pagpupulong sa komunidad, pagsuporta ng mga unyon, paninilbihan sa mga komite, pagsusuri ng mga isyu at pagpapayo sa mga tagapagpasya.

## AMING KASAYSAYAN

Ang mga Amerikanong mula sa Asya at Pasipiko ay nakaranas na ng diskriminasyon sa kasaysayan ng aming bansa at estado, at patuloy silang nahaharap sa mga problema sa pag-access ng mga serbisyo ng pamahalaan. Itinatag ng mga aktibista noong 1972 at isinabatas ng Lehislatura noong 1974, layunin ng CAPAA na mas paigtingin ang pagtataguyod ng mga karapatang pantao, edukasyon sa komunidad, pagtulong sa kapwa, at mga pakikipagtulungan bilang suporta sa aming mga komunidad.

## PAANO MAKIKIBAHAGI

- Makipag-usap sa isang commissioner tungkol sa mga isyu.
- Pumunta sa isang pagpupulong ng lupon.
- Mag-apply upang maging isang commissioner.
- Mag-sign up para sa aming e-mail newsletter sa pamamagitan ng aming website.

## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN

CAPAA.WA.GOV

CAPAA@CAPAA.WA.GOV

360.725.5667

FACEBOOK.COM/WACAPAA